

DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-8
SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654-2054 (Para sa mga may
Problema sa Pandinig) (916) 654-1954



Biyernes, Enero

PA REGIONAL CENTER EXECUTIVE DIRECTORS

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: PAGPAPAUNLAD NG
INDIBIDUWAL NA BADYET AT PLANO NG PAGGASTOS

Kaayon ng mga pangunahing pamantayan ng Self-Determination Program (SDP), may pagkakataon ang mga kasali na kontrolin ang ilang partikular na halaga ng pera para pambili ng mga kailangang serbisyo at suporta. Ang halaga ng perang ito ay tinatawag na indibiduwal na badyet. Ang layunin ng liham na ito ay upang magbigay ng mga kahilingan para sa pagtiyak ng halaga ng indibiduwal na badyet at kung paano gagamitin ang halagang ito. May naaangkop na mga pagsipi mula sa Welfare & Institutions (W&I) Code

Depinisyon ng

Ang mga sumudunod na termino ay ginamit sa liham

- **Indibiduwal na badyet** – Ito ang kauoang halaga ng pondo ng regional center na available sa SDP ng kasali sa bawat taon.
- **Plano ng paggastos** – Nakadetalye sa planong ito kung paano gagamitin ang available na pondo para ipambili ng mga serbisyo at suportang kinakailangan para

Pagtiyak ng halaga ng indibiduwal na

Tinitiyak ang halaga ng indibiduwal na badyet sa isa sa mga sumusunod

1. **Para sa mga kasali na kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo ng regional center** – Ang halaga ng indibiduwal na bayet ay batay sa panahong bago ang 12 buwan ng lahat ng gastusin ng regional center na ginamit sa pagbili ng mga serbisyo sa IPP. Kakalkulahin ang halagang ito gamit ang pinakahuling 12 na

Maaaring baguhin ang halagang ito tangi lamang kung

“Bumubuo ng Pakikipagpartner,

- Natitiyak ng pangkat ng IPP na kailangan ng pagbabago sa halagang ito dahil sa pagbabago sa mga pangangailangan ng kasali, mga kalagayan o mapagkukunan, o natutukoy ng pangkat ang mga naunang pangangailangan o mapagkukunan na hindi naasikaso sa IPP na siyang nagdulot ng pagtaas o pagbaba ng halaga ng mga gastusin ng regional center. Kasama sa mga halimbawa kung kailan kailangan ang pagbago sa halaga ng indibiduwal na badyet, pinakabago/nakabinbin na pagbabago sa sitwasyon sa pamumuhay; naunang mga serbisyong natanggap na hindi na ngayon kailangan; mga serbisyong kasama sa IPP na hindi nagamit dahil sa pagkakasakit o kakulangan
- ng available na provider, kaya walang nagastos.
Pinatutunayan ng regional center ang mga gastusin na nagamit para kalkulahan ang halaga ng indibiduwal na badyet, kasama na ang mga kaunting pagbabago,

2. **Para sa mga kasali na alinman sa bagong karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center o wala pang 12 buwan mga pagbili ng regional center**

- Gaya ng hinihingi ng W&I Code section 4646, tinutukoy ng pangkat ng IPP ang mga serbisyo at suportang kailangan ng kasali.
- Kinakalkula ng regional center ang taunang gastos sa pagbibigay ng na mga kailangang serbisyo at suporta. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng katamtamang gastos na ibinayad para sa bawat natukoy na serbisyo at suporta at gaano kadalas tinitiyak ng pangkat ng IPP na kailangan ang bawat serbisyo at suporta. Maaaring baguhin ang gastos kung natitiyak ng regional center na may natatanging mga pangangailangan ang kasali na nagresulta ng mas mataas o mas mababang gastos. Maaaring kasama sa mga natatanging pangangailangan ang, mga kagustuhan sa wika, suporta para sa pag-uugali/medikal na mga pangangailangan at lokasyon ng mga makukuhang serbisyo.

Hindi tataas ang halaga ng indibiduwal na badyet para pondohan ang independent facilitator o financial management services (FMS). Kinakalkula ang halaga ng indibiduwal na badyet nang hindi lalampas sa isang bese kada 12 buwan maliban kung, gaya ng inilarawan sa itaas, may kailangang pagbabagong gagawin dahil sa pagbabago sa mga pangangailangan ng indibiduwal, mga kalagayan, o mapagkukunan at pinatutunayan ng regional center ang mga gastusin na naganap sana anuman ang pakikibahagi ng

Regional Center Executive Directors
Enero 11, 2019
Pahina tatlo

Plano ng

Dapat gamitin ng pangkat ng IPP ang proseso ng pagpaplanong nakasentro-sa-tao para paunlarin ang IPP na tumitiyak sa uri at halaga ng lahat ng kinakailangang serbisyo at suporta para matamo ang plinanong mga resulta at tiyakin ang kalusugan at kaligtasan ng kasali. Pagkatapos na matiyak ang halaga ng indibiduwal na badyet, dapat na maglinang ang kasali ng plano para gamitin ang mga available na pondo para maabot ang kanilang mga tunguhin at layunin gaya ng nakabalangkas sa kanilang IPP. Dapat

Dapat tutukuyin ng plano ng paggastos ang halaga ng bawat serbisyo at suporta na bibilhin gamit ang mga pondo ng regional center. Kasama dito ang gastos para sa FMS, na kailangang serbiyo para sa lahat ng kasali sa SDP. Maaaring kailanganin ng kasali ng suporta mula sa iba, tulad ng independent facilitator, para makipagnegosasyon sa mga provider para tiyakin ang gastos para sa bawat serbisyo.

Bilang karagdagan sa mga pasahod, ang mga gastos sa mga benepisyo ng empleyado at mga buwis sa payroll ay dapat isama kapag tinitiyak ang gastos ng bawat serbisyo. Ang

Maaari lamang gamitin ang pondo ng SDP para sa mga serbisyo na:

- Inaprubahan ng Centers ng pederal para sa Medicare and Medicaid Services; at,
- hindi available sa pamamagitan ng ibang pinagkukunang pondo (hal., Medi-Cal, In-Home Supportive Services, mga paaralan, atbp.).

Mga pagbabago sa

Bawat serbisyo sa plano ng paggastos ay papatak sa isa sa tatlong mas malaking kategorya ng badyet (tingnan ang Kalakip 2 para sa listahan ng mga serbisyo at kategorya ng badyet nitong Enero 2019). Malamang ang kasali ay taon-taon na maglilipat ng hanggang 10 porsyento ng pondo na orihinal na nasa kategorya ng badyet patungo sa ibang kategorya ng badyet o mga kategorya nang walang pahintulot ng regional center o pangkat ng IPP. Nangangailangan ng

Regional Center Executive Directors
Enero 11, 2019
Pahina apat

Kung mayroong mga katanungan tungkol sa impormasyong ito, o para humiling ng teknikal na tulong, mangyaring magpadala ng email sa sdp@dds.ca.gov.

Gumagal

Orihinal na

JIM KNIGHT
Assistant Deputy Director
Community Services Division

Mga

cc: Regional Center Administrators
Regional Center Chief Counselors
Regional Center Community Services Directors
Association of Regional Center Agencies
State Council on Developmental Disabilities
Brian Winfield, Chief Deputy Director, DDS
Patti Mericantante, Deputy Director, Administration, DDS

Nakapaloob

Indibiduwal na Badyet mula sa Welfare & Institutions

§4685.8(c)(3) Ang “Indibiduwal na badyet” ay nangangahulugang ang halaga ng pondo ng regional center na pambili ng serbisyo na available sa kasali para pambili ng mga serbisyo at suportang kinakailangan para maipatupad ang IPP. Titiyakin ang indibiduwal na badyet gamit ang pamamaraang patas, walang pinapanigan, at hayag.

§4685.8(c)(6) Ang Self-Determination Program ay magpopondo lamang ng mga serbisyo at suportang inilalaan alinsunod sa division na ito kung natitiyak ng federal Center para sa Medicare and Medicaid Service na ito ay karapat-dapat para sa

§4685.8(d)(3)(B) Gagamit ang kasali ng mga serbisyo at suportang available sa loob ng Self-Determination Program tangi lamang kapag hindi available ang mga panlahatang

§4685.8(n)(A)(ii)(II) Maliban kung, katulad ng inilaan sa parapo (4), titiyakin ng pangkat ng IPP ang inisyal at anumang nirebisang indibiduwal na badyet para sa kasali gamit ang mga sumusunod na pamamaraan: (A)(i) Maliban kagaya ng tinukoy sa sugnay (ii), para sa kasali na kasalukuyang konsyumer ng regional center, ang kanyang indibiduwal na badyet ang magiging kabuuang halaga ng pinakahuling available na 12 buwan ng mga gastusin sa pagbili ng serbisyo para sa kasali.

(ii) Maaaring may mga pagbabagong gagawin sa halaga na tinukoy sa sugnay (i) kung parehong mangyayari ang mga sumusunod:

(I) Natitiyak ng pangkat ng IPP na kailangan ng pagbabago sa halagang ito dahil sa pagbabago sa mga kalagayan ng kasali, mga pangangailangan o mapagkukunan, na magdudulot ng pagtaas o pagbaba ng mga gastusin sa pagbili ng serbisyo, natitiyak ng pangkat ng IPP ang mga pangangailangan bago nito o mga mapagkukunan na hindi naasikaso sa IPP, na siyang nagdulot ng pagtaas o pagbaba sa mga gastusin ng pagbili ng serbisyo.

(II) Ang regional center ay nagpapatunay sa dokumento ng indibiduwal na badyet na

§4685.8(o) Taun-taon, maaaring maglipat ang mga kasali ng hanggang 10 porsyento ng mga pondo na orihinal na nakalagay sa kategorya ng badyet na mababasa sa parapo (3) ng subdivision (n) tungo sa ibang kategorya ng badyet o mga kategorya. Ang mga paglipat na lalampas sa 10 porsyento ng orihinal na halagang nakalaan sa alinman sa kategorya ng badyet ay maaaring gawin kapag inaprubahan ng regional center o ng

Nakapaloob 2

Mga Serbisyo ng Self-Determination Program ayon sa

Kategorya ng Badyet	Mga Serbisyo
Kaayusan sa Pang-araw-araw na Buhay	<ul style="list-style-type: none"> √ Mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad √ Financial Management Services √ Maybahay √ Mga Suportang Access sa Pabahay √ Caregiver na Kasama sa Bahay √ Mga Pansamatalang Serbisyo
Hanapbuhay at Pakikibahagi sa Komunidad	<ul style="list-style-type: none"> √ Mga Suportang Pagsasama-sama sa Komunidad √ Mga Suportang Hanap-buhay √ Independent Facilitator √ Pagsasanay at Edukasyon ng Indibiduwal √ Transportasyon na Hindi Pangmedikal √ Mga Produkto at Serbisyo na Pinapatnubayan ng Kasali √ Mga Suportang Prevocational √ Teknolohiya √ Mga Gastusin sa Paglipat/Pag-aayos
Kalusugan at Kaligtasan	<ul style="list-style-type: none"> √ Mga Serbisyong Accupuncture √ Mga Serbisyo at Pamamagitan sa Pag-uugali √ Serbisyong Chiropractic √ Suportang Komunikasyon √ Suporta at Pamamagitan sa Krisis √ Mga Serbisyong Pangngipin √ Mga Pagbabagay para Marating ang Paligid (Environmental Accessibility Adaptations) √ Pagsasanay sa Pamilya/Konsyumer √ Mga Serbisyong Suportang Pampamilya √ Tulong Pangkalusugan sa Tahanan √ Mga Lens at Frame √ Massage Therapy √ Konsultasyong Pangnutrisyon √ Occupational Therapy √ Mga Serbisyong Optometric-Optician √ Personal Emergency Response Systems √ Physical Therapy √ Mga Serbisyong Sikolohiya √ Bihasang Nars √ Espesyal na Medikal na Kagamitan at mga Suplay √ Mga Serbisyong Pagsasalita - Pandinig at Wika √ Mga Serbisyong Pagsasanay at Pagpapayo para sa